

Matapos ang tatlong taon, naglaho na ang mga ilusyong binuo ng rehimeng Marcos Jr.. Sa likod ng magagarbong pangako sa mamamayan at pagpoposturang disente, **tumambad ang sukdulang pagkagahaman at pagka-inutil.** Ang maagang pagkasiwalat nito ay nagdulot ng lalong pagsingaw ng baho ng rehimen sa gitna ng pagtatangka nitong magpabango. Nang may tatlong taon pa sa kaniyang termino, sa pinakamahaba, **kilala na ngayon ang rehimen bilang walang laman at ni pangbalatkayo.**

Naluma na agad ang “Bagong Pilipinas.” Hungkag ang lahat ng enggrandeng pahayag ni Marcos Jr; lalo sa agrikultura, pinakatampok ang P20/kilong bigas. Pinangako niya rin ang “pagtatapos” reporma sa lupa, nagbukas sa pagsuspende sa RLL, paggalang sa karapatang pantao, at pagtataguyod ng nagsasariling patakarang panlabas, at maraming iba pa. Subalit ipinagpatuloy lang ng rehimeng Marcos Jr ang mga dati nang kontra-magsasaka at maka-oligarkong mga patakarang. Mas pinasahol pa niya ang mga ito sa pamamagitan ng NAEA, mga amyenda sa RLL, Bente Bigas Meron na, MC 83, at pagdagdag ng EDCA sites, at marami pang iba.. Pinalubha lang ni Marcos Jr ang krisis sa agrikultura ng bansa at sa kabuuan ng ekonomya at politika.

Nilantad muli ng eleksyong 2025 ang pagkabangkarote ng namamayaning sistemang pampolitika. Patuloy ang pamamayani ng mga dinastiya sa buong bansa. Si Marcos Jr ang parang “pilay na pato” na ang pampolitikang kinabukasan ay nakadepende sa kilos ng ibang mga paksyon, at mga pakana ng nagriribalang imperyalistang U.S. at China. Ngayon pa lang, nakatanaw na ang lahat sa 2028 at sa pagtatapos ng liderato ni Bongbong. Anupaman ang kahinatnan ni Marcos Jr, ang mga patakarang ipinataw niya ay magpapatuloy lagpas sa kaniyang rehimen at magpapahirap sa mamamayan.

Ang mga huling taon ng termino ni Marcos Jr ay magiging higit na maligalig sa gitna ng pagtindi ng mga tunggalian sa pagitan ng mga paksyon ng lokal at dayuhang naghaharing-uri. Subalit habang lumulubha ang krisis agraryo at sa agrikultura ng bansa, ang kilusang magbubukid sa Pilipinas ay lumalawak at muling bumubwelo sa buong bansa.

NILALAMAN	
Reporma sa lupa bilang gimik	3
Pangangamkam ng lupa sa iba’t ibang ngalan	8
Pagsasabotahe sa industriya ng bigas	15
Lahatang-panig na krisis sa agrikultura	25
Pandarambong nang buong laya	30
Pagtatakip sa terorismo ng estado	34
Pagbebenta sa soberanya	38
Nagniningning ang pakikibakang magbubukid	41

Reporma sa lupa bilang gimik

Kagaya sa mga nauna sa kanya, tinuring ni Marcos Jr ang reporma sa lupa bilang kasangkapan para pahupain ang diskontento at makuha ang suporta ng magbubukid. Ipinagpatuloy niya ang **CARP** sa kabila ng lantarang pagkapalpak nito at binalewala ang tuloy-tuloy na mga panawagan para sa bago at tunay na repormang agraryo. Ang mga programa para sa pamamahagi ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) ay mga karnabal para papurihan ng mga opisyal ng DAR at iba pang ahensya ng gobyerno ang kanilang mga sarili at ang naghaharing rehimen.

Ipinagmamayabang ng DAR na namahagi ito ng halos 195,000 CLOA mula Hulyo 2022 hanggang Enero 2025. Pero marami (68%) o 132,000 dito ay mga biniyak-biyak lang na collective CLOA sa ilalim ng **SPLIT**. Sa esensya, walang bagong lupang “ipinamahagi” sa mga ito. Kinasangkapan ng gobyerno ang SPLIT para ipagpatuloy ang ilusyon ng pamamahagi ng libo-libong lupa kahit pa wala naman talagang bagong eryang sinaklaw mula 2014. Subalit kahit sa mga sariling sukatan at target nito, napakakupad ng DAR. Sinimulan noong 2020 at naipalang magtapos sa 2024, nasa 12% pa lang ang natapos ng SPLIT sa target nitong ARBs at erya nitong Enero 2025. Inaprubahan na ng World Bank ang ekstensyon nito hanggang 2027.

Dumadagdag pa sa ilusyon ang National Agrarian Emancipation Act o NAEA ni Marcos Jr. Sa kabila ng labis na pagbibida na pinatawad ng batas na ito ang utang ng mga ARBs, hindi nito isinawalang-bisa ang mga probisyon ng CARP na nagtatakda sa pagbabayad ng amortisasyon; hindi ito nagdulot ng libreng pamamahagi ng lupa. “Pinatawad” lang nito ang partikular na halaga ng mga lumang pagkakautang at hindi kasama ang mga bagong utang ng mga ARBs.

Kaunti lang ang sinaklaw nito, katumbas ng 21% ng mga benepisyaryo ng CARP at 6% lang ng lahat ng rehistradong magsasaka. Wala itong masyadong halaga kahit sa mga sinaklaw na magsasaka, na sa una pa lang ay hindi na dapat sinigil ng amortisasyon.

Tumatanggap ng **COCROM** ang mga benepisyaryo ng NAEA bilang patunay sa kondonasyon. Ang kauna-unahang pamamahagi ng COCROM ay naganap noong Hulyo 19, 2024 sa Pangasinan, ilang araw lang bago ang State of the Nation Address. Magaganap lang ulit ang mga pamamahagi malapit sa katapusan ng 2024, bago ang opisyal na simula ng kampanyang elektoral. Madalas daluhan ni Marcos Jr. ang mga seremonyang ito, at halos nilibot niya ang buong bansa sa mga rehiyunal na asembliyang dinadaluhan ng libo-libong magsasakang hinakot ng DAR at LGUs. Sa kasalukuyan, nasa 14% pa lang ng tinarget na benepisyaryo ang nakatanggap ng COCROM. Pero wala masyadong halaga ang mga papel na ito lalo na sa maraming kasong agraryo. Hindi tinitiyak ng COCROM ang karapatan sa lupa ng magsasaka. Nakatali pa rin ito sa CLOA na nananatiling vulnerable sa pagbawi sa pamamagitan ng mga eksklusyon, eksempsyon, kumbersyon, at iba pang iskema.

Dagdag pa, hindi inalis ng NAEA ang hindi-makatarungang kabayaranang iginagawad ng CARP sa mga panginoong-maylupa kahit para sa mga lupang kinamkam. Ipinasa lang nito ang bayarin mula sa mga ARB tungo sa pangkalahatang populasyon. Naging matingkad ito kamakailan matapos utusan ng Court of Appeals ang gobyerno na bayaran ng P28 bilyong “just compensation” ang Hacienda Luisita Incorporated.

Pinapalala ng SPLIT at NAEA ang pagkakahati sa mga samahang magbubukid, lalo sa mga nagsasagawa ng iba't ibang anyo ng sama-samang pagbubungkal sa ilalim ng mga kolektibong CLOA. Ganito ang kaso sa mga Land Cultivation Activities ng KMP-Negros sa mga dating asyenda sa Kabankalan, Negros Occidental sa gitna ng militarisadong implementasyon ng SPLIT; at sa mga komunal na lote ng Alyansa ng Magbubukid sa Bulacan sa Lupang Araneta sa SJDM, Bulacan kung saan sumabay din ang pamamahagi ng COCROM sa militarisasyon.

Ang parselisasyon at kondonasyon ay parehong nagsisilbi sa layuning bumuo ng umano'y “malayang palengke” sa lupa. Layunin ng mga programang ito na lumikha ng mga “malinis na titulo” mula sa mga CLOA para ibukas ang milyon-milyong ektaryang lupaing CARP sa mas madaling bentahan at pagpapa-upa. Ang pinakamakikinabang rito ay mga panginoong-maylupang may rekurso at motibo para todo-todong magparami ng hawak na mga lupain. Kabilang dito ang mga tradisyunal na asyendero at mga pamilyang nag-aari ng mga plantasyon, gayundin ang malalaking kumpanyang agri-bisnes o nasa mga non-agricultural sector gaya ng real-estate, sa loob at labas ng bansa. Para sa magbubukid, nangangahulugan ito ng mas madalas at matinding mga pagpapalayas, panlilinlang, at iba pang eskema para patalsikin sila o agawan ng kontrol sa lupa.

Bigo ang opisyal na istatistika ng gobyerno na ikubli ang lumalalang problema sa lupa ng bansa. Isiniwalat ng bagong-labas na datos sa sensus na 28% lang ng mga sakahan sa bansa ang buong pinag-aarian noong 2022. Ibig sabihin, 72% o pito sa bawat sampung magsasaka ang maituturing na walang lupa.

Nadagdagan ng 1.2 milyon ang magsasakang walang lupa sa pagitan ng 2012 at 2022. Nananatili ring nasa 23% ang pagtetenante o tenancy at pangungupahan, malapit sa 26% antas noon pang 1971.

Gayundin, labis na konsentrado ang mga lupang sakahan. Ipinakita sa parehong sensus na sinasaklaw ng pinakamalaking 1% na sakahan (halos 85,000) ang 20% ng kabuuang erya (halos 1.2 milyong ektarya) ng lahat ng mga sakahan. Samantala, nagsisiksikan ang 68% (halos 5.1 milyon) sa 13% lang ng erya (katumbas ng 811,000 ektarya). Ang karaniwang sukat ng sakahan ay sumadsad na sa 0.83 ektarya, at halos kalahati (49%) ay wala pang kalahating ektarya ang sukat.

Mas malubha pa ang sitwasyon sa mga partikular na rehiyon. Sa Negros, 18% lang ang sakahang buong pinagaarian habang saklaw ng 1% ang mahigit 30% eryang sakahan. Dagdag pa, tanging lupang sakahan ang binilang sa sensus na ito. Kung isasaalang-alang maging ang mga lupang ginagamit sa mga operasyong komersyal, *real-estate*, at *land banking*, malamang na lumitaw na higit pang konsentrado ang lupa sa bansa.



Only 28.4% of farms are fully owned

It's worse in other provinces, especially in the Visayas regions. In Aklan and Iloilo, only 1 in 10 farms are fully owned.

11.45 62.3



Source: PSA Census of Agriculture and Fisheries 2022

Pangangamkam ng lupa sa iba't ibang ngalan

Nagpatuloy ang pangangamkam ng lupa sa pamamagitan ng iba't ibang iskema. Marami sa mga ito ay karugtong ng pagpapalit-gamit ng lupang agrikultural para sa mga ambisyosong proyektong pang-imprastruktura ng gobyerno na kaugnay ng malalawak na operasyong komersyal. Ang mga pagpapalit-gamit na ito ay madalas sumasagasa sa mga lupang nakalaan sa maliitang produksyon ng pagkain at pag-aalaga ng hayop. Matagal nang ginagamit ang “kaunlaran” para bigyang-matwid ang mga pagpapalayas na ito; ginagamit na rin ang salitang “sustainable” kamakailan.

Minana ng kasalukuyang rehimen ang kahibangan sa impratruktura ng mga naunang administrasyon. Nitong Mayo 2025, mayroon nang 207 “*flagship projects*” sa ilalim ng programang **Build-Better-More**. Sa ngayon, walo pa lang dito ang natapos, 70 ang target matapos hanggang 2028 (13 ngayong 2025), habang kalakhan (125) ay inaasahang magpatuloy lagpas sa kasalukuyang rehimen. Nagkakahalaga ng kabuuang P10 trilyon, pinakamarami (39%) sa mga ito ay popondohan sa pamamagitan ng dayuhang utang (kalakhan mula sa Japan). Ang mga proyektong ito ay nagtutulak ng higit na pangangamkam ng at ispekulasyon sa lupa.

Nakakabahala na ang ang rehiyong may pinakamaraming proyekto ay Gitnang Luzon o 31 proyekto. Sa mga nagdaang dekada, patuloy na naging *conversion hotspot* ang *rice granary* ng bansa.

Nasa 19 proyketong BBM ang nakapaloob sa 31,400 ektaryang Clark Freeport and Special Economic Zone, na sentral na bahagi ang 9,450-ektaryang New Clark City (NCC). Naaapektuhan ng NCC ang 35,000 magsasaka at katutubo. Kabilang sa iba pang “*flagship project*” sa Gitnang Luzon ang 2,500-ektaryang Bulacan International Airport ng San Miguel Corporation, na bahagi rin ng mas malaking 12,000-ektaryang “*mixed-use township*”. Palalayasin ng airport na nagkakahalaga ng P700 bilyon ang mahigit 700 pamilya at magbubunsod ng delubyong pangkalikasan.



New Clark City at Plano para sa The New Manila International Airport (NMIA)

Ang malalaking proyektong ito ay nagpapataas sa presyo ng lupa, na nagtutulak sa higit pang pangangamkam, ispekulasyon, at kumbersyon. Ganito ang kaso sa Hacienda Luisita sa Tarlac. Ang pinakakilalang kasong agraryo sa bansa ay nahaharap sa mga banta ng iba’t ibang proyekto ng pagpapalit-gamit. Noong Oktubre 2024, ginawang “*mixed-use SEZ*” ni Marcos Jr ang 200-ektaryang TARI Estate ng Aboitiz sa loob ng Luisita. Ginagamit ng Aboitiz ang sari-saring proyektong pangtransportasyon sa paligid ng Tarlac sa pagbebenta sa TARI bilang “*prime industrial location*”. Ang CEO ng Aboitiz ay kasalukuyang namumuno sa Private Sector Advisory Council (PSAC) ni Marcos Jr.




Planong TARI Estate ng Aboitiz InfraCapital

Nananatiling malaganap ang land banking o pagbabangko ng lupa. Nag-iipon ng lumalawak na pag-aaring lupang naiwang tiwangwang ng ilang taon ang mga korporasyong nasa real-estate para sa “*future development*”. Ang halos 11,000 ektaryang land bank ng AyalaLand Inc. noong 2024 ang isa sa pinakamalalaki sa buong bansa. Sa taong iyon, nagkamal ito ng P158 bilyong revenue mula lang sa pagpapa-upa at “property development”, halos 90% ng kabuuan. Malalaki rin ang land bank ng MegaWorld Corp. ni Andrew Lim-Tan na mahigit 7,000 ektarya, at VistaLand ng mga Villar na may halos 3,000 ektarya.

Total farm area decreased by 3.8M hectares since 1991

Bicol and Calabarzon lost the most area at around 400,000 hectares each.



Source: PSA Census of Agriculture and Fisheries 1971-2022

Nagiging higit na matingkad sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr ang pangangamkam at pagpapalit-gamit ng lupa sa ngalan ng mga **proyektong “green/makakalikasan”**. Inihahanda nito ang pagtanggap sa mas maraming dayuhang pamumuhunan sa lupa, kabilang ang dumaraming umano’y “pinansyang pangklima”. Inilabas ni Marcos Jr noong Pebrero 2023 ang EO 18 na nagpadali sa paglalabas ng mga permit at lisensya para sa mga umano’y “istratehikong pamumuhunan,” gaya ng mga galing sa labas ng bansa para sa “*clean energy*” at “*green metals*”. Nitong Marso 2025, nagkakahalaga na ng P4.6 trilyon ang mga umano’y istrategikong proyektong ito. Nitong Mayo 2025, isinabatas ang Philippine Ecosystem and Natural Accounting System o PENCAS na naglalayong “sukatin at itakda ang halaga sa salapi” (o tukuyin ang presyo) ng mga rekursong pangkalikasan ng bansa. Dumaragdag ito sa mas lantarang 99-year Foreign Lease Act na ipinasa ng Kongreso at naghihintay na lang sa pirma ni Marcos Jr. Ang panukalang NALUA, na magpapadali sa pagpapalit-gamit, ay nagkakaroon din ng dagdag na bigat sa gitna ng pag-uunahan para sa lupa kaugnay ng umano’y “energy transition”.

Dumarami ang pumapasok na dayuhang kapital sa bansa sa ngalan ng *renewable energy* (RE). Nitong 2024 lang, kalakhan (68%) ng lahat ng aprubadong dayuhang pamumuhunan ay para sa RE. Sa buong bansa, mahigit 46,000 ektarya ang tinarget para sa mga solar farm hanggang 2040. Pangunahing apektado nito ang limitadong kapatagan ng bansa na kailangan para mamaksimisa ang mga solar panel. Isa sa mga ito ang 3,500-ektaryang proyektong Terra Solar na itinatayo sa Bulacan at Nueva Ecija.

Naglalayong maging pinakamalaking solar and battery facility sa buong mundo, dinaluhan mismo ni Marcos Jr ang groundbreaking nito noong 2024. Dinaluhan din niya noong 2023 ang paglulunsad sa 625-ektaryang Pagudpud Wind Farm, pinakamalaki sa buong bansa. Maaapektuhan din ng mga proyektong hydropower ang daan-libong ektarya gaya sa Kordilyera.

Lahat ng ito ay maaaring makadagdag sa kabuuang kapasidad ng bansa sa produksyon ng enerhiya - na kasalukuyang hindi rin naman nito namamaksimisa. Nitong 2022, halos kalahati (49%) lang ang nagagamit sa kabuuang kapasidad ng bansa sa produksyon ng *fossil fuels*, samantalang mas maliit pa (33%) ang sa iba't ibang tipo ng RE. Malaking dahilan ng mababang antas ng paggamit at ekspansyon ang kakulangan sa imprastruktura para i-transmit ang enerhiya. Para rito, naglabas na ang NGCP ng plano hanggang 2040 para paunlarin ang national grid. Sasagasan din ng mga konstruksyon para rito ang mga komunidad ng magsasaka, gaya ng banta sa Lupang Ramos sa Dasmarinas, Cavite. Pero kahit umunlad ang transmission, wala naman sa bansa ang teknolohiya para sa malaganap na paggamit sa ganitong mga tipo ng RE. Nanantiling dominado (56%) ng langis at coal kinokonsumong enerhiya ng bansa. Kahit ang kuryente, na 22% ng konsumo, ay kalakhang (78%) nililikha ng mga plantang pinaandar ng fossil-fuels. Dahil halos walang lokal na produksyon ng langis, sa huli ay iniimport ng bansa ang 51% ng kinakailangan nitong enerhiya. Sa gayon, kasalukuyang nagtutunggali ang mga nagriribalang kumprador na sangkot sa mga industriya matakaw sa karbon, at sa mga lumalagong merkado ng RE, na sumasalamín sa pandaigdigang padron. Mayorya (54%) ng kabuuang konsumo sa enerhiya ay nasa mga monopolisadong sektor ng transportasyon at industriya.

Naglalayong maging pinakamalaking solar and battery facility sa buong mundo, dinaluhan mismo ni Marcos Jr ang groundbreaking nito noong 2024. Dinaluhan din niya noong 2023 ang paglulunsad sa 625-ektaryang Pagudpud Wind Farm, pinakamalaki sa buong bansa. Maaapektuhan din ng mga proyektong hydropower ang daan-libong ektarya gaya sa Kordilyera.

Lahat ng ito ay maaaring makadagdag sa kabuuang kapasidad ng bansa sa produksyon ng enerhiya - na kasalukuyang hindi rin naman nito namamaksimisa. Nitong 2022, halos kalahati (49%) lang ang nagagamit sa kabuuang kapasidad ng bansa sa produksyon ng *fossil fuels*, samantalang mas maliit pa (33%) ang sa iba't ibang tipo ng RE. Malaking dahilan ng mababang antas ng paggamit at ekspansyon ang kakulangan sa imprastruktura para i-transmit ang enerhiya. Para rito, naglabas na ang NGCP ng plano hanggang 2040 para paunlarin ang national grid. Sasagasan din ng mga konstruksyon para rito ang mga komunidad ng magsasaka, gaya ng banta sa Lupang Ramos sa Dasmarinas, Cavite. Pero kahit umunlad ang transmission, wala naman sa bansa ang teknolohiya para sa malaganap na paggamit sa ganitong mga tipo ng RE. Nanantiling dominado (56%) ng langis at coal kinokonsumong enerhiya ng bansa. Kahit ang kuryente, na 22% ng konsumo, ay kalakhang (78%) nililikha ng mga plantang pinaandar ng fossil-fuels. Dahil halos walang lokal na produksyon ng langis, sa huli ay iniimport ng bansa ang 51% ng kinakailangan nitong enerhiya. Sa gayon, kasalukuyang nagtutunggali ang mga nagriribalang kumprador na sangkot sa mga industriya matakaw sa karbon, at sa mga lumalagong merkado ng RE, na sumasalamin sa pandaigdigang padron. Mayorya (54%) ng kabuuang konsumo sa enerhiya ay nasa mga monopolisadong sektor ng transportasyon at industriya.

Sa kasalukuyan, sinasaklaw ng mga permit sa eksplorasyon at pagmimina ang one-fifth ng kabuuang lupa ng bansa, habang nasa lupang ninuno ang 26% ng mga erya ng *critical minerals*. Kabilang sa mga proyektong ito ang Makilala copper-gold mine na sumasaklaw sa 2,500 ektaryang lupang ninuno sa Kalinga. Nakakuha ito ng permit noong Marso 2024 at ng US\$ 76 milyong utang mula sa MWF sa Setyembre ng parehong taon.

Nagaganap din ang “*green grabbing*” sa mga katubigan. Una sa bansa at pinakamalaki sa buong mundo, ang 2,000-ektaryang proyektong floating solar ng SunAsia sa Laguna Lake ay nagbabantang sirain ang kabuhayan ng mga mangingisda at residente sa lokalidad. Ito ang unang proyektong nagbenepisyo sa EO 18, at pinadali ang mga prosesong pangregulasyon. Inilibas din ni Marcos Jr ang EO 21 na nagtutulak naman sa *offshore wind power*. Nagtukoy na ang DOE ng 16 proyektong offshore windpark para sa 14 na probinsya. Target na mapaandar ang kahit isa sa mga ito bago matapos ang kasalukuyang rehimen. Kabilang sa mga proyektong ito ang BuhaWind Offshore Wind Farm sa Pagudpud, Ilocos Norte rin. Palalayasin nito ang mahigit 6,000 mangingisda at nagbabadyang sirain ang mga tradisyunal na pook pangisdaan.



Floating Solar ng SunAsia sa Laguna Lake

Pagsasabotahe sa industriya ng bigas

Sa kabila ng pagbubukas sa pagsuspende sa Rice Liberalization Law sa kaniyang kampanyang elektoral noong 2022, pinagpatuloy lang ni Marcos Jr ang pagpapatupad nito. Anim na taon sa ilalim ng RLL, nasadlak lamang sa mas malalang **krisis sa bigas** ang bansa.

Pinakita na sa mga unang taon ng RLL ang pagkabangkarote nito ang ng modelong pagsandig sa importasyon para sa seguridad sa pagkain. Ang bahagyang pagbagsak ng presyo sa pagitan ng 2019 at 2021 na nangyari dahil sa pagsirit sa importasyon ay pinalobo ang halaga pero sa totoo ay mababaw at panandalian, kumpara sa pinaliliit pero sa totoo ay malawakan at pangmatagalang mga pinsalang idinulot nito sa lokal na industriya ng bigas at mga magsasaka ng palay.

Sa kasalukuyan, ang unang hadlang sa tuloy-tuloy na abot-kayang presyo ng bigas ay ang RLL mismo. Tumatanggi ang rehimeng Marcos Jr na tanggapin ito, at sa gayon tumatayo itong pinakamalaking sabotaheng nangwawasak sa lokal na industriya ng bigas.



Tumataas na ang presyo ng bigas mula pa sa pagtatapos ng 2021. Sinamantala ito ni Marcos Jr na ginamit ang pangakong P20/kilong bigas sa kaniyang kampanyang elektoral noong 2022. Bilang presidente at kalihim ng Kagawaran ng Agrikultura, una niyang inilabas ang **Executive Orders 10 at 50** noong 2022 at 2023, na nag-ekstend sa mas mababang taripang unang ipinataw ng nagdaang rehimen bilang *emergency measure* noong 2021. Walang bisa sa pagpapababa ng presyo, sunod na naglabas si Marcos Jr ng **rice price ceiling** noong Agosto 2023. Wala pa ring bisa, itinigil din ito dalawang buwan lang pagkatapos noong Oktubre. Pagsapit ng Nobyembre ng parehong taon, natulak na si Marcos Jr na bitawan ang DA at ipasa ito sa malaking negosyante sa pangisdaan.

Nagpatuloy na tumaas ang presyo ng bigas. Pagsapit ng Hunyo 2024, isang buwan bago ang kaniyang SONA, inilabas ni Marcos Jr ang **EO 62**, na lubhang nagpapababa sa taripa sa bigas mula 35% tungong 15% hanggang 2028. Mula noon, sumirit ang karaniwang buwanang pagpasok ng imported na bigas tungong 390,000 MT/buwan mula sa 260,000 MT/buwan mula 2019. Pumasok sa bansa ang tumataginting na 572,000 MT noong Oktubre 2024, panahon ng pag-ani ng palay. Mas malaki pa ito sa 400,000 MT kabuuang inimport para sa buong taon ng 2013. Para sa buong 2024, umabot sa makasaysayang 4.8 milyong MT ang pumasok ng imported na bigas sa bansa. Tinatayang mag-iimport ng panibagong rekord na 5.4 milyong MT bigas ang Pilipinas ngayong 2025, at mananatiling pinakamalaking importer ng bigas sa buong mundo.

Sa patas na merkado, ang mas mabilis na pagpasok ng mas maraming bigas ay dapat magpabagsak sa mga presyo. Pero pinipilit itong pigilan ng mga monopolista sa kalakalan para makahuthot ng mas malaking kita.

Kaya ang anumang pagbagsak ng presyo ay bunga ng protesta ng publiko para itulak ang gobyerno na pigilan ang manipulasyon sa presyo. Tugon na rito ang **Maximum Suggested Retail Price** sa bigas ng DA mula Enero 2025. Ang problema rito, gaya ng price ceiling noong 2023, pangunahing tinatarget nito ang mga tagabenta ng tingi o retail samantalang ang pinakamalaking bulto ng presyo ng bigas (44% noong 2023) ay nasa kamay ng mga tagabenta nang bultuhan o wholesale. Pinatitibay ng MSRP ang konsentrasyon at monopolyo sa kalakalan ng bigas.


Anuman, ang halos walang-patid na pagtaas ng presyo ng bigas mula Disyembre 2021 ay pansamantalang “napatigil”. Pero kahit nasa pababang padron mula Hulyo 2024, **nananatiling mataas ang presyo ng bigas**. Mas mababa nga sa P51/kilong presyo ng bigas noong bago ang EO 62 ang P44/kilong presyo ng bigas nitong Abril 2025, pero 13% mas mataas pa rin ito kaysa sa P39/kilong presyo nang maging presidente si Marcos Jr noong Hunyo 2022. Malala pa, ang pagbabang ito ay nakatakdang humupa at dumulo sa panibagong pagtaas ng mga presyo, gaya ng nangyari sa pagitan ng 2019 at 2021.

Nagkaroon din ng mga pampublikong **legislative inquiry** mula Marso 2014. Sa Setyembre ng taong iyon, isinabatas ang Anti-Agricultural Economic Sabotage Act. Sa Nobyembre, sa gitna ng nagpapatuloy na pagtaas ng mga presyo sa kabila ng malaking pagbagsak ng taripa noong Hunyo dahil sa EO 62, itinayo ang “*Murang Pagkain Supercommittee*”. Inamyendahan ang RLL pagsapit ng Disyembre 2024. Pinagmukha lang nitong may ginagawa ang rehimeng Marcos Jr, at ang mga amyenda ay nagbigay dito ng mga populistang hakbang para magpahupa ng diskontento. Parehong hindi nito tinugunan ang pundamental na problema sa pagpapaunlad ng lokal na produksyon ng palay.

Monthly rice price and import arrival

January 2019 - May 2025

■ RMR retail price (P/kg) ■ Rice import arrival (MT)



Source: Philrice, DA-BPI

Lagpas pa sa nilalalaman nito, wala pang substansyal na ginawa ang Anti-Agricultural Sabotage Act. Ang inter-agency body na binuo para sa pagpapatupad nito ay unang beses nagpulong nitong Marso 2025 lang. Wala pa itong nahatulang ismagler hanggang sa ngayon.

Gayundin, walang binagong pundamental sa ang **mga amyenda sa RLL**. Binigyang awtorisasyon nito ang presidente na magdeklara ng “*food security emergency*” na inanunsyo nga pagsapit ng Enero 2025.


Sa ilalim nito, maaaring magbenta ang DA ng NFA *buffer stock* sa mga lokal na gobyerno, ilang mga ahensya, at sa publiko (sa pamamagitan ng Kadiwa). Maaari rin nitong muling-punan ang *buffer stock* sa pamamagitan ng pagbili ng palay sa lokal o pag-iimport. Ineskend din nito ang RCEF hanggang 2031 at pinalaki ito tungong P30 bilyon, na ang kalahati ay nilagay sa ilalim ng direktang diskresyon ng presidente. Pinahintulutan nito ang ibinibidang P20/kilong “*BBM rice*” para sa limitadong bilang, sa limitadong pagkakataon, at sa mga limitadong lugar. Ang subsidyong ito sa presyo ay pinopondohan mula sa koleksyon ng taripa sa bigas, na kung gayon ay mismong nakasalalay sa importasyon. Dahil hindi rin ito ginagawa kasabay ng komprehensibo at malalimang programa para repormahin at paunlarin ang lokal na industriya ng bigas sa konteksto ng pambansang patakarang industriyal, imposible itong sustenableng lumawak at maging pangmatagalan.

Hangga’t ang lokal na produksyon ng palay at bigas ay kumakaharap sa istagnasyon o pagbagsak, anumang pagbaba ng presyo ng bigas dulot ng pagsirit ng importasyon ay tiyak panandalian at dudulo lagi sa panibagong pagtaas ng mga presyo. Walang *shortcut* sa seguridad sa pagkain.


Hindi umunlad ang **lokal na produksyon** sa kabila ng pagtaas ng paggastos ng gobyerno. Tumaas ang alokasyon sa badyet ng **National Rice Program** mula sa taunang P7 bilyon bago ang RLL tungo sa karaniwang P22 bilyon sa mga taon sa ilalim nito. Ang buong koleksyon ng taripa sa bigas, na nagdaragdag ng karaniwang P22 bilyon din taon-taon mula 2019, ay umano’y nakalaan din para sa lokal na industriya ng bigas at agrikultura sa pangkalahatan.

Nagbunga rin ang mas mababang taripa dahil sa EO 62 ng tumataginting na P35 bilyong nawalang kita para sa gobyerno, wala pang isang taon mula ipatupad ito. Mas mataas pa ito kaysa kabuuang nawalang kita dahil sa mas mababang taripa sa nagdaang apat na taon mula 2019 hanggang 2023!

Pero nanatiling nakapako ang produksyon ng palay sa 19 milyong MT mula pa 2017. Malinaw na hindi ginamit ang pondo para sa epektibo at direktang subsidyo na pinakinabangan ng mga prodyuser ng bigas. Dapat masinsing imbestigahan kung paano ginamit ang bilyones na ito. Kaya, nakapako rin ang produksyon ng bigas at hindi na nakahabol sa tumataas na konsumo, na nagbibigay-daan sa pagpapataas sa importasyon.



	2019-2021	2022	2023	2024	2025
Rice tariff collection	P46.6 billion	P22.74 billion	P30 billion	P34 billion	--
Revenue loss due to lower tariffs	P25 billion			P35 billion (as of March)	



Pinapapababa rin ng mga pagsirit ng imported na bigas ang presyo ng palay, na lalong nagpapaliit sa kita ng magsasaka. Ang karaniwang taunang kita ng magsasaka ng palay ay nabawasan na nang P6,268/ektarya sa pagitan ng 2018 at 2023.

Case study: Rice farmer costs and returns

This case study is based on various interviews with rice farmers in Malolos, Bulacan in the second half of 2024. Many were actually ravaged by several typhoons and had to plant repeatedly. But here we derive their cost and returns had they not faced calamity. We assume that they harvest the usual 60 cavans for the rainy season. Farmgate prices were then at P16/kg. The entire rice production cycle takes about three to four months.

ITEM	VALUE	AMOUNT	SUBTOTAL
Gross harvest	60 cavans	x57/kg/cavan xP16/kg farmgate	P54,720
Land preparation	P8,000		P8,000
Seeds	P1,500/sack	x3 sack/hectare	P4,500
Fertilizer	P1,700/cavan	x6 cavans	P10,200
Molluscicide	P1,000/bottle	x1 bottle	P1,000
Herbicide	P1,500/bottle	x1 bottle	P1,500
Insecticide	P800/bottle	x1 bottle	P800
Fungicide	P400/pack	x4 packs	P1,600
Combine harvester	10% of harvest	6 cavans	P5,472
Total production cost		<i>or 36.3 cavans</i>	P33,072
Net harvest before deductions		23.7 cavans	P21,648


ITEM	VALUE	AMOUNT	SUBTOTAL
Land rent	13 cavans	xP912/cavan	P11,856
Hauling	P50/sako	x60 sacks	P3,000
Combine harvester way	P500		P500
Interest on input loans	P200/fertilizer	x6 cavans	P1,200
	P50/pesticide	x3 bottles	P150
Total deductions		<i>18.3 cavans (77% of net harvest)</i>	P16,706
Farmer's share		<i>5.4 cavans (23% of net harvest)</i>	P4,942


Ang mas malaki at mas madalas na mga pagkalugi ay nagbabangkarote sa mga magsasaka ng palay. Dumarami ang natutulak na maghanap ng ibang mga kabuhayan labas sa pagtanim ng palay o agrikultura sa pangkalahatan. Ang mga pagkabangkarote at pagpapalayas na ito ay pumipinsala hindi lang sa mga pamilyang magsasaka kundi sa buong bansa. Ang kaalaman ng mga beteranong magsasaka na pinanday sa ilang dekada ng praktika, ay hindi basta-basta mapapalitan. Gayundin ang tradisyunal na pagsasanay na naisasagawa ng mga pamilya. Ang rehabilitasyon ng mga sakahang pinalitan ng gamit ay tatagal din ng ilang taon. Ang mga pinsalang ito ng RLL ay pinagtatakan ng mga gimik ng gobyerno.

Sa kabilang banda, tahimik na kumita nang limpak at mabilisan ang mga monopolista sa importasyon at kalakalan ng bigas. Habang halos nagtriple ang bolyum ng imported na bigas, mahigit nadoble ang halaga nito sa nakaraang anim na taon

Sa pagitan ng 2018 at 2023, lumobo ang halaga ng imported na bigas mula U.S.\$737,000 tungong U.S.\$1.6 bilyon. Sa parehong panahon, nabawasan pa ang bilang ng mga importer. Noong 2019, may kabuuang 217 importers ng bigas, ang sampu sa pinakamalalaki nito ay nag-import ng 24% ng kabuuang bolyum. Pagsapit ng 2024, meron na lang 154 importers, at ang 10 pinakamalalaki ay nag-import ng 40% na. Lumaki rin ang kontrol ng mga komersyante sa bigas. Noong 2024, hawak na ng mga komersyante ang 56% ng kabuuang stock ng bigas sa bansa, mula sa 39% lang noong 2022. Nitong 2023, napupunta sa bultuhang mangangalakal ang 44% o P18.90/kilo sa P42.80/kilong pinal na presyo ng bigas. Sa kabilang banda, 15% o P6.50/kilo lang ang napupunta sa magsasaka bilang kita.

Share of commercial stock is already at 56% in 2024 from just 39% in 2022





Lahatang-panig na krisis sa agrikultura

Wala ring mabuting kinakaharap ang iba pang sektor ng agrikultura sa harap ng kapalpakan ng rehimeng Marcos Jr at dogmatikong pagpapatupad sa bangkaroteng doktrinang neoliberal. Ang lokal na produksyon ng mga pangunahing tanim at hayop ay kumakaharap sa pangmatagalang istagnasyon o pagbulusok. Ang tugon ng gobyerno ay laging pagpapalakas sa importasyon o sa mga malalaking korporasyon kahit sa kapinsalaan ng mga lokal at maliliit na prodyuser.

Nananatiling mababa ang produksyon ng **asukal**. Ang lokal na industriya, sumunod na pinakaprotekado sa bigas, ay kumakaharap sa papatinding presyur habang tumataas ang paggamit sa imported na alternatibo sa asukal (gaya ng *corn-based sweeteners*). Dahil umano sa sunod-sunod na pagkalugi, nagsara ang 97-taong na Central Azucarera de Don Pedro Inc. sugar mill sa Batangas noong 2023, at naapektuhan ang mahigit 18,000 na mga manggagawa.

Matagumpay na naitutulak ng mga makapangyarihang asyendero sa tubuhan ang pagpigil sa higit pang liberalisasyon sa asukal at ang regulasyon sa importasyon ng mga alternatibo sa asukal. Suportado ni Marcos Jr ang pagtutulak pa ng mga ito sa muling-pagbuhay sa Philsucor (binuwag noong 2018) para magkaroon sila ng akses sa dagdag na mga pondo. Nagpapatuloy ang paggigiit ng dominasyon ng mga lokal na monopolista sa asukal laban sa mga umuusbong na importer.

Samantala, lugmok sa sukdulang kahirapan ang mga manggagawang bukid sa tubuhan. Umaabot pa sa P82/araw ang mga pasahod sa Negros sa ilalim ng malaganap na sistemang pakyawan.

Case study: Piece-rate wages of sugarworkers

The entire sugar cropping season takes about 8-11 months from September to April/July. Between April/July to September (1-4 months) is the dead season or tiempo muerto for sugarworkers. This case study is based on interviews in Bacolod, Negros Occidental on April 2025.

WORK	WAGE RATE	DAILY EQUIVALENT	NOTES
Seedling making	P1,000/ laksa	3 workers in 1 day = P333/worker/day	More seedlings are used if the plot is planted for the first time.
Planting	P1,000/ laksa	3 workers in 2 days = P167/worker/day	
Weeding	P2,460/ hectare	10 workers in 3 days = P82/worker/day	Done three times per season.
Plowing	P1,060/ hectare	6 workers in 1 day = P177/worker/day	Thrice/season. Only males with their own carabaos are hired.
Fertilizer application	P1,235/ hectare	15 workers in 1 day = P82/worker/day	Thrice/season.
Reaping and loading	P1,555/ton	10 workers finish 10 tons in 2 days = P777.50/worker/day	Only males are hired.

Isa pang mayor na eksporter, ang industriya ng **niyog** ay kumakaharap din ng presyur mula sa tumataas na produksyon ng palm oil (alternatibo sa coconut oil), lalo sa Indonesia at Malaysia pero sa loob din ng bansa. Kumakaharap sa istagnasyon ang lokal na produksyon ng niyog mula pa sa pagputok ng problema sa cocolisap noong 2010-2014. Iniaasa ng rehimeng Marcos Jr ang pagpapaunlad ng industriya ng niyugan sa Coco Levy Privatization Act kasabay ng pagrebisa nito sa *coconut roadmap*.


Pero ang *coco levy trust fund* ay vulnerable sa muling pandarambong, bukod sa iba pang mga usapin (*tignan sa seksyon tungkol sa Pandarambong*). Nananatiling kabilang sa pinakamaralita sa buong bansa ang mga magsasaka sa niyugan.

Ang pangkalahatang produksyon ng **isda** ay tatlong taon nang sunod-sunod na bumabagsak na padron na mula pa 2010. Tumataas ang import-dependency sa tuna at galunggong, na nasa 24% at 23% na noong 2022. Sa kabila nito, nananatiling mas malaki ang bolyum at halaga ng produksyon ng maliitang mamamalakaya kaysa mga komersyal na pangisda. Pero nakapanig ang rehimeng Marcos Jr sa malalaking opereytor. Inalis ng desisyon ng Supreme Court noong Disyembre 2024 ang eksklusibong karapatan ng maliliit na mangingingisda sa 15-kilometrong pangisdaang munisipal. Ipinapahamak nito ang kabuhayan ng milyon-milyong mangingingisda sa buong bansa. Pinagpapatuloy din ng rehimen ang mga mapanirang reklamasyon sa Manila Bay na nakaaapekto sa 15,000 mangingingisda at residente sa baybayin.

Fish production has been slowly declining since 2010

While fish imports have been increasing, especially tuna and roundscad or galunggong.


■ Roundscad import dependency ■ Tuna import dependency ■ Fish production



Source: Philippine Statistics Authority

Patuloy na nagdurusa ang industriya ng **karneng baboy** sa kapalpakan ng gobyerno na harapin ang African Swine Flu. Bumaba na ang bilang ng mga kaso mula nang simulan patakaran sa ang agresibong culling sa mga baboy noong 2019, pero nananatiling banta ang ASF. Nagkaroon nga ng muling-pagsirit ng mga kaso noong Hulyo 2024 at noon lang nasimulang gamitin sa bansa ang mga bakuna sa ASF na noon pang 2020 kailangan. Tinulak ng malalaking *pharmaceutical distributors* ang komersalisasyon nito para magkamal ng kita. Kulang pa rin sa preventive na mga patakaran at wala pa ring first border inspection facility ang bansa na inaprubahan noon pang 2019 pero kumakaharap pa rin sa mga problema sa *bidding* nitong Enero 2025.

Hindi pa rin nakabawi ang lokal na produksyon ng baboy. Mula sa halos 13 milyong taunang populasyon ng baboy noong 2020, nananatiling nasa 9 milyon na lang ito mula pa 2021. Samantala, patuloy na tumataas ang presyo ng karneng baboy. Gaya sa bigas, walang-bisa ang MSRP sa baboy na pinasimulan noong Marso 2025 at 10% lang ng mga manininda ang nakasusunod.



Ang kabuuang agrikulturang Pilipino ay malubhang pinipinsala rin ng **krisis sa klima**. Ang mga pagkalugi dulot ng mga kalamidad (bagyo, pagbaha, tagtuyot, atbp.) ay umabot sa halos P60 bilyon noon lang 2024. Ang naging pangunahing tugon lang ng rehimeng Marcos Jr ay mga pamamahagi ng ayudang nasa P50 milyon kada piling probinsya. Ang pinagmamalaking paglalagak ng *Loss and Damage Fund* sa bansa ay walang kinahinatnan habang halos mamalimos si Marcos Jr para sa mga kontribusyon.

Pandarambong nang buong laya

Tunay na Marcos, pinutakti ng isyu sa pandarambong at korapsyon ang rehimen ni Bongbong.

Makasaysayang pinatalsik ng Kongreso si VP Sara Duterte dahil sa pagwawaldas nito sa confidential funds nitong 2025. Kasabay nito, nagbunga ng mabigat na kritisismong publiko ang **pork barrel** partikular sa panukalang 2025 badyet. Pabalat-bungang nag-veto si Marcos Jr sa ilang bahagi ng badyet na ito para pagtakpan ang halos P2 trilyong presidential pork sa anyo ng mga pondong “*special purpose*”, *unprogrammed*, *at confidential*, kabilang na ang P15 bilyong idinagdag ng pag-amyenda sa RLL

Pinawalang-sala rin ang mga Marcos sa nakaraan nilang pandarambong. Makasaysayang inhustisya ang pagbabasura noong 2024 sa lahat ng walong natitirang kaso kaugnay ng **coco levy** laban sa mag-asawang nakatatandang Marcos, Juan Ponce Enrile, at Maria Clara Lobregat. Nagdesisyon ang Sandiganbayan pabor sa mga Marcos dahil umano sa “labis na pagkabalaho” ng paglilitis, gaya ng ginawa nito sa nanunang pagbabasura sa mga kaso kaugnay ng coco levy laban kay Danding Cojuangco.

Kaugnay nito, nananatiling misteryo ang implementasyon sa Coco Levy Privatization Act na isinabatas noong 2021. Tinukoy sa isang special *audit adjustment* noong 2022 na may kabuuang halagang P111 bilyon ang *coco levy assets*. Sa isang *legislative hearing* noong 2023, tinaya ng PCA na may P80 bilyong cash assets na ang nasa ilalim ng trust fund, at 34% lang ang nagagamit rito. Mula noon, wala pang buong ulat kung paano ito ginamit ng 16 iba't ibang opisinang naghati-hati sa implementasyon ng batas. Hindi pinansin ng rehimen ang mga panawagan para sa *transparency* at *people's oversight*.

Isinalarawang kahawig ng coco levy scam, mabilisang itinulak din ang pagsasabatas sa **Maharlika Wealth Fund** noong 2023 sa kabila ng malawak na pagtutol dito. Mayorya (P50 bilyon) sa P75 bilyong paunang pondo nito ay kinuha mula sa Land Bank, pampublikong gobyerno na dapat ay nagsisilbi sa pagpapa-unlad ng agrikultura at kanayunan.



Noong Pebrero 2025, inanunsyo ng MWF ang plano para mamuhunan ng US\$100 milyon sa US\$1-bilyong iskema sa pamumuhunan kasama ang Thai agri-conglomerate na Charoen Pokphand (CP).

Tinatayang may US\$179 milyong pamumuhunan sa 20 lokasyon sa buong bansa, CP na ang matuturing na pinakamalaking dayuhang TNC sa agrikulturang Pilipino sa kasalukuyan. Ito ang pinakamalaking kumpanya sa Thailand at pinakamalaking kumpanya ng pakain sa hayop sa buong mundo. Hindi pa inilabas ang kontrata sa sosyohan ng dalawa pero ito ay malinaw na kaso ng pampublikong pamumuhunan para sa pribadong kita - partikular para sa isa sa pinakamalaking dayuhang kumpanya, na nakikipagkompetisyon sa maraming maliliit na negosyanteng Pilipino sa agrikultura at pagkain. Sa hiwalay pang kasunduan, nakakuha rin ang CP ng P1.2 bilyong pautang mula sa LandBank nitong Abril 2025 para magtayo ng 15-ektaryang planta ng pakain sa Ilagan, Isabela.


Pagtatakip sa terorismo ng estado

Nagpopostura ang rehimeng Marcos Jr na may respeto sa karapatang pantao lalo kumpara sa nagdaang rehimeng Duterte. Noong 2024, inilabas nito ang EO 23 na bumuo ng “*body on trade-union rights violations*”, at ang Administrative Order (AO) 22 na gumawa naman ng “superbody” para sa karapatang pantao. May bago ring nilabas na “*HR Plan*” bago natapos ang naturang taon. Nitong Pebrero 2025, pinagmayabang din ng rehimen ang pagkakaalis ng Pilipinas sa “*grey list*” ng FATF.

Pero nagpatuloy ang mga paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr, lalo laban sa magbubukid, maralita sa kanayunan, at kanilang mga tagasuporta. Sa likod ng mga tangkang magpabango at pagtakpan ang mga ito, namamayani ang terorismo ng estado sa buong bansa, lalo sa kanayunan

Nakapagdokumento ang Karapatan ng libo-libong kaso ng HRVs sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr. Sa pagitan ng Hulyo 2022 at katapusan ng 2024, may **119 biktima na ng ekstrahudisyal na pamamaslang**, 86 (72%) dito ay magbubukid, at tatlo ay kasapi ng KMP. Magbubukid din ang pito sa **14 sapilitang winala (*enforced disappearance*)**. Kalakhan ng mga pamamaslang ay naganap sa mga rehiyong sa pangkalahatan ay malaganap ang atrasadong agrikultura at kahirapan, gaya ng Negros (48 kaso), Bikol (36), at Hilagang Bisayas (13).

Minasaker ang pamilyang Fausto sa Himamaylan, Negros Occidental noong Hunyo 2023. Inakusahan silang mga kasapi ng NPA bago paslangin pero pinaratangan namang mga biktima ng NPA matapos imasaker ng 94th IBPA. Sa Sorsogon, sapilitang winala ang buong pamilyang Tolentino, kasama ang 2-taong-gulang na sanggol, noong Abril 2025.



Ipinagpatuloy ni Marcos Jr ang kasuklam-suklam na WONA na ininstitusyunalisa ng rehimeng Duterte sa pamamagitan ng EO 70. Isinasa-ilalim ng WONA ang sibilyang gobyerno sa mga layuning militar. Ginagawa nitong mapanupil na sandata ang mga rekurso ng gobyerno laban sa mga organisasyon, indibidwal, at mga ideyang arbitraryong pinaratangang “terorista”. Binuo nito ang kasuka-sukang NTF-ELCAC na naninira sa mga kritiko, aktibista, at mga progresibo sa pamamagitan ng **red-tagging at terrorist-labelling**. Ang mga paninirang ito ay nag-uudyok at nagbibigay-matwid sa mga atake laban sa mga niredtag. Malala pa, nilabas ni Marcos Jr ang MC 83 nitong Mayo 2025. Layunin nitong palawakin at palalimin pa ang impluwensya ng NTF-ELCAC sa trabaho at badyet ng mga sibilyang ahensya.

Kabilang sa pinakakahindik-hindik na kaso ng red-tagging ang pambansa-koordinadong paggamit ng mga kabaong laban sa Koalisyonang Makabayan sa huling araw ng kampanyang elektoral nitong 2025.

Namamayani ang paghaharing militar sa kanayunan. Naglulunsad ang AFP ng mga kombatan o ***focused military operations*** (FMO) sa iba’t ibang munisipalidad. Pinakamatingkad ito sa mga erya kung saan may nagpapatuloy na laban sa lupa o pagtutol sa mga mapanirang proyekto. Dito, kumakaharap ang sibilyang mga populasyon sa mga operasyong militar gaya ng pagpapaputok at pambobomba mula sa himpapawid, panganganyon, at hamleting. Sa pagitan ng 2022 at 2024, may nadokumentong halos 47,000 biktima ng 19 insidente ng pambobomba. Siyam rito ang naganap sa Cagayan, walo sa Oriental Mindoro, at pito sa Bukidnon; matatagpuan sa mga probinsyang ito ang malalaking operasyon ng mina at plantasyon. Samantala, may mahigit 63,000 biktima ng walang-habas na pagpapaputok (*indiscriminate firing*).

Nag-ookupa ang mga sundalo sa mas maraming baryo sa ilalim ng **Retooled Community Support Program**. Nagkakampo ang mga armadong pwersa sa loob ng mga sibilyang komunidad at/o pampublikong pasilidad gaya ng mga *barangay hall* at eskwelahan. Mula rito, naglulunsad sila ng pakikidigmang sikolohikal laban sa lokal na populasyon para makapagpasulpot ng gawa-gawang mga surenderi sa ilalim ng *Enhanced Comprehensive Local Integration Program* o **E-CLIP**. May naitalang halos 7,800 biktima ng paggamit ng pampublikong espasyo para sa layuning militar, at 560 biktima ng sapilitan/pekeng pagpapasuko sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr.

Sa mga okupadong baryo, pinipilit ng mga sundalo ang mga residente para “magpalinis ng pangalan”, naglulunsad sila ng pagbabahay-bahay, nagpapatawag ng mga pulong para mang-redtag, nag-aalok at nagbibigay ng suhol, nagbabanta, at nanonortyr ng mga tao. Nagpapasimuno sila ng mga paglalasing at pagsusugal, at nang-aabuso ng kababaihan. Ginagamit ang mga pampublikong rekurso para bilhin ang kooperasyon ng mga lokal na opisyal at pagtakpan ang mga pang-aabusong militar. Direktang nakalaan para rito ang pondo ng *Barangay Development Program* o **BDP**, pero ginagamit din ang mga pondo para sa ayuda, serbisyong medikal, atbp. Sa ibang erya, binabaluktot ng militar ang mga nakatayong lokal na organisasyon para maging o nagpapasimuno ng mga bagong kontra-organisasyon. Nagpopostura ang mga grupong ito bilang sibilyang prente pero nasa ilalim ng direksyon, kontrol, at suporta ng militar para sa kanilang kampanyang pananakot.

Taong 2022 pa pinuputakti ng 31st CMO Special Company of the Philippine Army ang mga magbubukid ng Aloguinsan, Cebu para pilitin silang sumuko bilang rebelde.

Nitong Disyembre 2024, nagkampo ang mga sundalo sa pampublikong katayan malapit sa komunidad ng mga magsasaka. Lumubha pa ang mga taktikta ng pananakot sa kanila nitong kampanyang elektoral. Nitong Abril 2025, nakatanggap ng banta sa kanilang buhay ang dalawang lider ng KMP Cebu sa anyo ng maliliit na kabaong na laman ang kanilang mga larawan at pangalan.

Mayorya sa o ang kabuuan ng mga kasong ito ay maituturing na paglabag sa internasyunal na makataong batas, mga krimeng pandigma, at/o krimen laban sa sangkatauhan.

Nananatiling pinakamalaganap na anyo ng paglabag at pagpapakalat ng takot ang **pagbabanta, panghaharas, at pananakot**. Ang mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang, sapilitang pagkawala, at pandarakip ay ginagawang mga halimbawa para sa mga “ayaw makipagtulungan”. Mahigit 3.7 milyong indibidwal ang naitalang kumaharap sa pananakot sa ilalim ng kasalukuyang rehimen.

Kahit ang sistemang legal ay ginagamit bilang sandatang mapanupil. **Tinuturing na krimen ang pakikibakang magbubukid**. Sinasampahan ng mga kasong trespassing at pagnanakaw ang mga magsasakang naggigiit lang ng kanilang karapatan sa lupa. Ang mga lider ng SAMMBAT sa Masinloc, Zambales ay inaresto at sinampahan ng mga kasong *disobedience and resistance* matapos silang magtanggol laban sa demolisyon at pagpapalayas nitong Hunyo 2025. Sa parehong buwan, inaresto rin ang mga artistang tagasuporta ng magbubukid sa ilalim ng TEKA MUNA habang nagpapalaganap sila ng mga panawagan ng magsasaka.

Ginawa pang malahalimaw ang “lawfare” sa ilalim ng **Anti-Terrorism Law at Terrorism Financing Prevention and Suppression Act**. Sa pamamagitan nito, ang mga rebolusyonaryo at aktibista ay arbitraryong binabansagang terorista o “simpatisador”. Hindi bababa sa 166 indibidwal at 17 organisasyon na ang ‘di-makatarungang inakusahan o sinampahan ng kaso sa ilalim ng dalawang batas na ito. Kabilang din sa iba pang gawa-gawang kasong isinasampa laban sa mga aktibista ang illegal possession of explosives na walang pyansa, at karaniwang ginagawa matapos ang ilegal na pang-aaresto batay sa ilegal na pagsasamsam, itinanim na ebidensya, at/o gawa-gawang testimonya. Kasalukyang may 762 detenidong politikal sa bansa, 154 dito ay inaresto sa ilalim ng rehimeng Marcos Jr.

Pinagtangkaang sampahan ng gawa-gawang kasong terorismo at illegal possession of explosives si Ronnie Manalo, KMP Secretary General, matapos ang pekeng reyd at tanim-ebidensya ng 80th IBPA laban sa kanya noong Hunyo 2024. Pero ibinasura ng *prosecutor* ang reklamo ng militar matapos lang ang dalawang buwan noong Setyembre 2024. Sinampahan din ng bagong kaso kaugnay sa terorismo si Isabelo Adviento ng Danggayan Cagayan Valley. Ito ay matapos ibasura ng korte noong Enero 2025 ang nauna nang mga kaso laban sa kanya, dahilan para makulong sya mula pa 2020. Si Amanda Echanis, isa ring organisador ng magbubukid sa CV at artista-manunulat, ay nananatiling nakakulong dahil sa mga kahalintulad na *trumped-up charges*.



Patuloy na kinakaharap ng AMIHAN ang walang-batayang pag-freeze sa kanilang account sa bangko dahil din sa mga pekeng kaso ng terror-financing mula pa 2021. Sa Negros, inaresto at sinampahan din ng kasong terror-financing ang mga manggagawang pangkaunlaran mula sa PDG nitong Enero 2025, matapos ang ilang buwan ng red-tagging at panghahas sa naturang NGO. Sa Bikol, patuloy ding kumakaharap ang NGO na FARMERS Inc. sa pangmamanman, panghahas, at paninira.

Maliban pa sa malaking pinsala sa buhay, kabuhasan, at kalikasan, ang mga paglabag na ito ay lumilikha ng malaganap na “**chilling effect**”. Pinipinsala nito hindi lang ang mga tinatarget na progresibo kundi ang kabuuang demokrasya ng bansa. Pinatatahimik nito ang mga kritikal na boses at pinatitibay ang pag-iral ng bulok na sistemang panlipunan.

Pagbebenta sa soberanya

Inilalako ng rehimeng Marcos Jr ang soberanya ng bansa sa iba’t ibang paraan para makuha ang suporta ng U.S., sa kapinsalaan ng mamamayan kabilang ang magbubukid. Hindi lang nito hinayaang kalakaran ng U.S. ang Pilipinas sa umiigting nitong pakikipagribalan sa China, kundi ginawang pinakamasugid na tuta ng U.S. sa taktikang pandigma na “island-chain” sa rehiyon.

Mula 2023, pumirma at naghahabol pumirma ang rehimeng Marcos sa mga bagong **kasunduang militar** sa U.S. at mga “alyado” nito sa rehiyon (gaya ng Japan at South Korea). Aabot na sa 500 ehersiyong pandigma ang pinangungunahan ng U.S. sa Pilipinas taon-taon.

Noong 2023, nagdagdag ang rehimeng Marcos Jr ng apat na bagong EDCA *site* para militar ng U.S., tatlo rito ay nakaharap sa Taiwan. Mula 2024, pinahintulutan din nito ang U.S. na maglagak sa Pilipinas ng mga *missile system* na kayang umabot sa China mula rito.

Ang pinatinding pagpapakat at pagpapakilos ng militar ng U.S. ay nagpapaypay sa higit pang tensyon sa West Philippine Sea o WPS at sa kabuuan ng umano’y “Indo-Pacific region”. Nag-uudyok ito ng higit na militarismo mula sa China. Ito naman ang pinalolobo ng U.S. at ginagamit para bigyang-matwid ang sarili nitong militarismo.

Lahat ng ehersisyo at operasyong militar sa pangunguna ng U.S. ay mapaminsala sa kabuhayan ng magbubukid at kapaligiran, hindi lang sa WPS kundi sa buong bansa. Noong Mayo 2025, ipinagbawal ang pangingisda sa Zambales para sa Balikatan, na nakaapekto sa mahigit 6,000. Bago iyon noong Pebrero 2025, bumagsak sa isang sakahan sa Maguindanao ang eroplanong pang-espiya ng U.S. Hindi pa nakuntento, gusto pang magtayo ng U.S. ng **ammunition production and storage hub** sa dating base militar nito sa Subic Bay.

Nananatiling tapat na tagapagtaguyod ng dogma ng “**malayang kalakalan**” ang rehimeng Marcos Jr sa kabila ng tumataas na proteksyunismo ng U.S. at iba pang bansa. Sa kabila rin ito ng katotohanang ang neoliberal na pagpupumilit sa “malayang kalakalan” mula 1980s ay nagpabansot sa agrikulturang Pilipino at kabuuang ekonomya nito.

Ang naging tugon ng rehimen sa “liberation day tariffs” ni Trump noong Abril 2025 ay kagyat na makipagnegosasyon para sa “zero-tariffs deal”. Sinuportahan din ni Marcos Jr ang pagpasok ng Pilipinas sa RCEP, na niratipikahan noong Pebrero 2023. Nitong Setyembre 22024, pumirma si Marcos Jr sa FTA sa South Korea at patuloy itong naghahanda para sa pagpasok sa CPTPP. Pero bumaba pa nga ng 7% ang kabuuang kalakalang panlabas ng bansa sa pagitan ng 2022 at 2024. Nananatiling lugmok sa malalim na depisito sa kalakalang agrikultural (P12 bilyon noong 2024) kasunod ng pagtaas ng importasyong agrikultural na kalakhan (85%) ay bigas at mais.

Lumobo ang utang ng gobyerno sa ilalim ni Marcos Jr tungo sa P17 trilyon nitong Pebrero 2025. Maliban sa kahibangan sa imprastruktura, malaking bahagi ng **dayuhang utang** ay para umano sa magbubukid. Pinakamalaki sa kasalukuyan ang US\$ 600 milyong dagdag na pautang ng WB para sa Philippine Rural Development Plan noong 2023. Nitong Pebrero 2025, inilunsad din ang US\$ 113 milyong programang Value Chain Innovation for Sustainable Transformation in Agrarian Reform Communities o VISTA ng DAR at IFAD. Nakatakda namang maging pinakamalaking single-loan ng Pilipinas sa WB sa kasaysayan ang US\$1-bilyong Philippine Sustainable Agriculture Transformation of PSAT ng DA na pipirmahan ngayong Hulyo 2025. Patuloy ding naghahabol ang DA ng US\$ 500 milyong utang sa JICA para sa “rice post-harvest”.

Nagniningning ang pakikibakang magbubukid



Ang lumulubhang krisis sa agrikulturang Pilipino, lalo matapos ang apat na dekada ng pagpapataw ng mga patakarang neoliberal na bulag ding pinapagpatuloy ng rehimeng Marcos Jr, ay nagpapakita lang sa humihigpit na pangangailangan para sa tunay na repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon. Mapagpunyaging isinusulong ng pakikibakang magbubukid ang mga ito. Matapos ang matagumpay na ika-9 na Kongreso noong 2023, pinagdiriwang ngayong taon ng KMP ang ika-apat na dekada ng maningning nitong mga tagumpay at pakikibaka. Habang lumulubha ang krisis agraryo at sa agrikultura ng bansa, lumalawak at **muling bumubwelo** ang kilusang magbubukid sa buong bansa.

Iba't ibang **pakikibakang antipyudal**, pagigiit ng karapatan sa lupa, at kampanyang bungkalan ang nagaganap sa buong bansa. Nitong Marso 2025, pinangunahan ng AMGL ang isang-linggong kampuhan sa harap ng DAR Central Office, unang beses mula 2020. Nilahukan ng mahigit 300 magbubukid mula sa Tarlac, Bulacan, at Zambales, itinambol nito ang mga usapin tungkol sa pagpapalit-gamit ng lupa at itinulak ang departamento na kumilos sa mga kasong agraryo. Pinangungunahan ng AMBALA ang muling-pinasgilang kampanya para bawiin ang mga tagumpay sa HL. Patuloy na pinaunlad ng AMB ang mga pagsisikap sa bungkalan at bagsakan sa pinaglalaman nitong lupain sa SJDM. Nagkaroon na rin ng inisyatiba sa bagsakan sa Rizal at Cebu. Sa Bukidnon, patuloy na ipinagtanggol ng BTL ang 200-ektaryang bungkalan nito laban sa CMU. Sa Negros, naglunsad ang KMP Negros noong Abril 2025 ng antipyudal na porum at sakbayan na dinaluhan ng mahigit 350 magbubukid mula sa iba't ibang probinsya, unang beses ulit mula 2018. Pinamumunuan din ng KMP Negros ang ilang matatagumpay na *land cultivation area* sa isla. Sa parehong buwan, nilunsad naman ng KASAMA TK ang AKKD, multisektoral na alyansa laban sa pagpapalit-gamit ng lupa at demolisyon. Kinokonsolida at itinataas nito ang matatagal nang mga lokal na pakikibaka sa Cavite, Batangas, at Rizal kung saan meron na itong mga pamprobinsyang tsapter. Karugtong na rin ito ng AMK, na isa namang alyansa para sa kumpensasyon sa magbubukid sa rehiyon na nauna nang itinayo sa Batangas. Patuloy ding pinamumunuan ng KASAMA TK ang ilang mga bungkalan gaya sa Lupang Ramos at Lupang Tartaria sa Cavite. Sa Hilagang Luzon, naglulunsad ang mga magbubukid ng mga kampanya laban sa malalaking operasyong mina at pekeng programa ng pagtatanim ng puno. Naglunsad din ang KMP Bicol ng Earth Day Fair nitong Abril. Naging higit na aktibo ang mga Bikolanong magbubukid at kabataang tagasuporta nito sa mga usaping pangkalikasan, lalo matapos ang 2024 Bicol Environmental Youth Camp.

Militante ring hinaharap ng mga mangangisda sa ilalim ng Pamalakaya ang panghihimasok ng kumersyal na pangisda sa munisipal na pangisdaan sa pamamagitan ng kampanyang “Atin ang 15-kilometro”, kasabay ng mga nagpapatuloy na pagtutol sa reklamasyon atbpng. kontra-mangangisdang proyekto. Pinangunahan nito ang mga protestang plubyal gaya ng laban sa militarisasyon sa WPS, reklamasyon sa Manila Bay, at BuhaWind Floating Wind Farm BuhaWind Floating Wind Farm.



Protesta ng Aton ang Kinse Kilometro Network sa Panay Island

Nagpupunyagi ang pakikibakang antipasista ng magbubukid. Patuloy na inilulunsad ang mga quick-reaction, fact-finding, at solidarity missions para sa mga komunidad na kumakaharap ng militarisasyon at iba’t ibang atake. Ang panawagan para sa hustisya sa mga lider-magbubukid na sina Randy Echanis, Joseph Canlas, mga biktima ng mga masaker sa Mendiola, Hacienda Luisita, at Kidapawan, bukod sa iba pa, at iba pang mga martir ng kilusang magbubukid at pinapatampok sa sari-saring aktibidad at materyal.

Ang kampanya para sa pagpapalaya ng mga detenidong politikal, gaya ni Amanda Echanis at iba pang artista ay patuloy na pinauunlad. Naglunsad ng kampanyang Hands Off para kay Danilo Ramos, Tagapangulo ng KMP, sa simula ng taong 2024. Sinundan ito ng kaparehong kampanya para kay Jeverlyn Saguin ng KASAMA TK, Maggie Seva ng KMB, at mga aktibisita ng Cagayan Valley.

Muling pinasisigla ang Tanggol Magsasaka sa buong bansa. Pinamunuan at lumahok ito sa limang FFSM sa iba't ibang lugar sa Luzon nito lang 2024. Sumunod din ang mga insiyatiba sa iba't ibang rehiyon matapos ang Pambansang Kumperensya ng TM noong Nobyembre 2022. Pinakakapansin-pansin ang TM TK na huwaran sa paggampan ng gawaing pangkarapatang pantao sa hanay ng magbubukid at maralita sa kanayunan. Nagsimula na ring maglabas ng mga pahayag ang TM CV kamakailan. Nilunsad din ang pinasiglang kampanyang DBF bilang tugon sa mga atake ng 80th IB sa SJDM, Bulacan noong Hunyo 2025. Lumahok din ang TM mga *public inquiries* ng CHR tungkol sa red-tagging, at kabilang sa mga organisasyong kumausap kay UN Special Rapporteur Irene Khan na nanawagan sa rehimeng Marcos Jr na kundehin ang red-tagging. Sa buong bansa, nagpupunyagi ang gawaing pangkarapatang pantao ng mga lokal na samahan.

Aktibo rin ang kilusang magbubukid sa pakikibakang anti-imperyalista. Pinamunuan nito ang malawak at sustenidong mga kampanya laban sa iba't ibang patakarang neoliberal na itinulak ng mga imperyalistang kapangyarihan, gayang SPLIT na pinondohan ng WB at RLL na naka-ugat sa WTO. Kasama rin ang KMP sa mga matagumpay na petisyoner para sa Writ of Kalikasan laban sa GMOs na inilabas ng SC noong Abril 2023.

Sa Mayo ng parehong taon, inilunsad din ang Bantay RCEP Monitoring Framework. Sa CV, bahagi ang mga magbubukid sa mga malalawak na protesta laban sa pakanang war games ng U.S.. Sa karagatan, pinamumunuan ng Pamalakaya ang mga mangingisda sa laban para palayasin ang mga militar sa WPS.

Sa buong bansa, ang masang magbubukid at maralita sa kanayunan ay naghahanap ng gabay, pamumuno, organisasyon, at representasyon. Kasabay nito, ang malawak na mamamayan ay tuloy-tuloy na nagpapahayag at nagbibigay ng supora para sa magbubukid. Sinalamin ang mga kahingiang ito sa eleksyong 2025 kung saan pinamunuan ni Ka Daning ang makasaysayang pagtakbo bilang natatanging magbubukid na kandidato sa pagkasenador. Kakumpitensya ng mga dinastiyang maraming pera, binoto ng 4.1 milyon si Ka Daning sa kabila ng matinding paninira at mga atake ng estado, pandarayang elektoral, at kawalan ng pera. Paulit-ulit ding nanguna si Ka Daning sa mga sarbey sa mga eskwelahan, na nagpapakita ng suporta ng kabataan. Naabot ng kilusang magbubukid at ng pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa ang mas malawak na masa sa nagdaang eleksyon.




Patuloy ding umuunlad ang iba't ibang alyansa para sa pagsuporta sa magbubukid at repormang agraryo, lalo sa hana ng kabataan, estudyante, artista, mamimili, taong-simbahan, at mga abogado.

Itinulak din ng KMP ang pagsasabat sa mga mahahalagang panukala sa **Kongreso**. Pangunahin na rito ang GARB at panukalang RIDA, pero kabilang din ang HR Defenders Bill, Billionaire Wealth Tax, at National Minimum Wage. Kabilang ang mga lider-magbubukid sa mga legislative inquiry kaugnay ng RLL, ismagling, at iba pang isyu. Kabilang din si DR sa mga petisyoner sa pagpapatalsik kay VP Sara.

Ang mga huling taon sa termino ni Marcos Jr ay magiging higit na maligalig habang umiigting ang mga tunggalian sa pagitan ng mga paksyon pareho ng lokal at dayuhang naghaharing uri. Ang ribalan ng mga imperyalistang kapangyarihan ay dadagundong sa loob ng bansa.

Ang bulok na naghaharing sistema sa Pilipinas na kinakatawan ni Marcos Jr ay higit na isisiwalat ang sarili nitong katangian bilang kontra-magbubukid, kontra-mamamayan, at kontra-makabayan. Ang oportunismo ng mga nagriribalang mga paksyon ng mga trapo at imperyalista ay magiging higit na lantaran at desperado habang nagiging higit na konsentrado ang mga pinaghahatian nitong yaman. Lalo lang lalala ang ekonomya. Higit na maghahanap ang masa ng mga paliwanag at solusyon. Magtuturuan at magtitirahan ang mga bulok na kampo ng kadiliman at kasaman, at mga dumaraming sub-paksyon ng mga ito, at ipepresenta ang kanilang mga sarili bilang daan-pasulong. Pero pare-pareho nilang palalabuin ang tunay na ugat ng krisis at tunay na daan tungo sa pagbabago.



Kaya lubos na mahalaga na malawakang maabot ng kilusang magbubukid at pambansa-demokratiko ang masa at patatagin ang pagkakaisa ng mamamayan. Dapat isiwalat ang buong burukrata-kapitalista at malakolonyal na estado. Dapat itakwil at higit na ihiwalay ang naghaharing pangkating Marcos dahil sa mga hungkag nitong pangako, pananabotahe sa agrikulturang Pilipino, mga paglabag sa karapatang pantao, at pagbebenta sa soberanya ng bansa, bukod sa iba pa. Nararapat lang ding papanagutin ang pangkating Duterte para sa iba't ibang krimen nito sa mamamayan. Makatarungan lang na patalsikin si VP Sara dahil sa pagtataksil nito sa tiwala ng publiko, at na makulong ang nakakatandang Rodrigo para sa mga digma nito laban sa maralita.

Ang mundo ay nasa panahon ngayon ng umiigting na paglaban at buong-tatatag na pakikibaka sa iba't ibang anyo. Nararapat lang tugunan ng militanteng kilusan ng magbubukid at mamamayan sa Pilipinas ang tawag ng kasaysayan para sa pagpapaigting ng organisasyunal nitong lakas sa buong bansa. #

Sumulong!



40



**Ipagdiwang ang
mga tagumpay!**



Sumulong!



KMP